

2018 Buod ng Mga Benepisyo

Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan)

Los Angeles County, CA



Health Net®

Health Net Cal MediConnect

Buod ng Mga Benepisyo



Isa itong buod ng mga serbisyong pangkalusugan na sinasaklaw ng Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) para sa Enero 1, 2018. Isa lang itong buod. Pakibasa ang *Handbook ng Miyembro* para sa kumpletong listahan ng mga benepisyo.

- Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Medicare at Medi-Cal upang ibigay sa mga nagpapatala ang mga benepisyo ng parehong programa. Para ito sa mga taong may Medicare at Medi-Cal.
- Sa Health Net Cal MediConnect, makukuha mo ang iyong mga serbisyo sa Medicare at Medi-Cal sa iisang planong pangkalusugan. Tutulungan ka ng isang Coordinator ng Pangangalaga ng Health Net Cal MediConnect na pangasiwaan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.
- Hindi ito isang kumpletong listahan. Ang impormasyon ng benepisyo ay isang maikling buod, at hindi isang kumpletong paglalarawan ng mga benepisyo. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa plano o basahin ang *Handbook ng Miyembro*.
- May mga nailalapat na limitasyon, copay, at paghihigpit. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa Member Services ng Health Net Cal MediConnect o basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Health Net Cal MediConnect.
- Maaaring magbago ang *Listahan ng Mga Sinasaklaw na Gamot* at/o mga network ng parmasya at provider sa buong taon. Magpapadala kami sa iyo ng isang abiso bago kami gumawa ng isang pagbabagong nakakaapekto sa iyo.
- Maaaring magbago ang mga benepisyo at/o copay tuwing Enero 1 ng bawat taon.
- Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga inireresetang gamot batay sa antas ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang detalye.
- Maaari mong makuha ang impormasyong ito nang libre sa iba pang format, tulad ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.
- Kung gusto mong regular kang padalhan ng Health Net Cal MediConnect ng mga materyales para sa miyembro sa iba pang format, gaya ng braille o malaking print, o sa wikang iba pa sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Member Services. Ipaalam sa Member Services na gusto mong hilingin na makuha ang iyong mga materyales sa ibang format o wika.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

If you do not speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-464-3571 (TTY: 711) from 8 a.m. to 8 p.m., Monday through Friday. After hours, on weekends and on holidays, you can leave a message. Your call will be returned within the next business day. The call is free.

إذا كنت تتحدث العربية، تتوافر لك خدمات المساعدة اللغوية مجاناً. يُرجى الاتصال بالرقم 1-855-464-3571 (TTY: 711)، من الساعة 8:00 صباحاً حتى 8:00 مساءً، من يوم الاثنين إلى الجمعة، وللاتصال في غير أوقات الدوام الرسمي، أيام الأجازات والعطلات، يمكنك ترك رسالة. سنرد على مكالمتك في يوم العمل التالي. هذه المكالمة مجانية.


Եթե Հայերեն եք խոսում, անվճար լեզվական օգնության ծառայություններ են հասնում Ձեզ : Ձանգահարեք 1-855-464-3571 (TTY՝ 711): Մի անձ այստեղ է Ձեզ հետ զրուցելու նպատակով երկուշաբթիից ուրբաթ, կ.ա. 8:00-ից կ.հ. 8:00-ը: Աշխատանքային ժամերից անց, հանգստյան օրերին եւ տոներին, կարող եք թողնել հաղորդագրություն: Ձեր զանգը կվերադարձվի հաջորդ աշխատանքային օրվա ընթացքում: Հեռախոսազանգն անվճար է:

如果您使用中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-464-3571 (聽障專線：711)。週一至週五，上午8點到下午8點。非營業時間、週末及假日，您可以留言。我們會在下一個工作日給您回電。此專線為免付費電話。

បើសិនអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាជំនួយភាសាឥតគិតថ្លៃ គឺមានសំរាប់អ្នក។ ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-855-464-3571 (TTY:711) ពីម៉ោង 8 ព្រឹក ដល់ 8 យប់ ថ្ងៃច័ន្ទ រហូតថ្ងៃសុក្រ។ បន្ទាប់ពីម៉ោងធ្វើការ នៅចុងអាទិត្យ និងថ្ងៃបុណ្យ អ្នកអាចទុកសារសំព្វបាន។ អ្នកនឹងត្រូវបានទូរស័ព្ទមកវិញ នៅថ្ងៃធ្វើការបន្ទាប់ទៀត។ ការហៅនេះ គឺឥតចេញថ្លៃឡើយ។

اگر به فارسی صحبت می کنید، خدمات امداد زبانی به طور رایگان در اختیار شما می باشند. با شماره 1-855-464-3571 (TTY: 711) از ساعت 8:00 صبح تا 8:00 شب، دوشنبه تا جمعه تماس بگیرید. بعد از ساعات کاری، در آخر هفته ها و تعطیلات رسمی، می توانید پیام بگذارید. به تماس تلفنی شما در روز کاری بعدی پاسخ داده خواهد شد. این تماس رایگان است.

귀하께서 한국어를 사용하시는 경우 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-464-3571(TTY: 711)번으로 월요일 - 금요일, 오전 8시부터 오후 8시까지 전화하십시오. 영업시간 이후, 주말 및 공휴일에는 메시지를 남기실 수 있습니다. 다음 영업일에 저희가 귀하께 전화를 드리겠습니다. 안내전화는 무료입니다.

 **Kung mayroon kang mga tanong**, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Если вы говорите по-русски, мы можем предложить вам бесплатные услуги переводчика. Звоните по телефону 1-855-464-3571 (линия ТТУ: 711). Вы можете получить необходимую информацию непосредственно у сотрудника плана с понедельника по пятницу с 8:00 часов утра до 8:00 часов вечера. В нерабочее время, а также в выходные и праздничные дни, вы можете оставить сообщение. Вам перезвонят на следующий рабочий день. Звонок бесплатный.

Si usted habla español, hay servicios de asistencia de idiomas disponibles para usted sin cargo. Llame al 1-855-464-3571 (TTY: 711). Después del horario de atención, los fines de semana y los días feriados puede dejar un mensaje. Le devolveremos la llamada el siguiente día hábil. La llamada es gratuita.

Kung nagsasalita ka ng Tagalog, available sa inyo ang mga serbisyo ng tulong sa wika, nang walang singil. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.

Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi sẵn có dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Hãy gọi 1-855-464-3571 (TTY: 711) từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, từ thứ Hai đến hết thứ Sáu. Sau giờ làm việc, vào các ngày cuối tuần và ngày lễ, quý vị có thể để lại tin nhắn. Cuộc gọi của quý vị sẽ được hồi đáp vào ngày làm việc hôm sau. Cuộc gọi này miễn phí.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Inililista ng sumusunod na chart ang mga bagay na madalas itanong.

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)	Mga Sagot
Ano ang Cal MediConnect plan?	Ang Cal MediConnect Plan ay isang organisasyon na binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, provider ng mga pangmatagalang serbisyo, at iba pang provider. Mayroon din itong mga Coordinator ng Pangangalagang Pangkalusugan na makakatulong sa iyong pangasiwaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo. Nagtutulong silang lahat upang maibigay ang kinakailangan mong pangangalaga. Ang Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) ay isang Cal MediConnect Plan na nagbibigay ng mga benepisyo ng Medi-Cal at Medicare sa mga nagpapatala.
Ano ang Coordinator ng Pangangalaga ng Health Net Cal MediConnect?	Ang Coordinator ng Pangangalaga ng Health Net Cal MediConnect ay ang pangunahing taong dapat mong lapitan. Tumutulong ang taong ito na pangasiwaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo, habang tinitiyak na nakukuha mo ang iyong mga kinakailangan.
Ano ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS)?	<p>Ang LTSS ay para sa mga benepisyaryong nangangailangan ng tulong sa pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain gaya ng pagligo, pagbibihis, pagluluto, at pag-inom ng gamot. Ibinibigay ang karamihan sa mga serbisyong ito sa iyong tahanan o komunidad, ngunit maaari rin itong ibigay sa isang nursing home o ospital.</p> <p>Kasama sa LTSS ang mga sumusunod na programa: Kapaki-pakinabang na Programa ng Mga Serbisyo para sa Mga Nakatatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP), Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Mga Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, CBAS), at pangmatagalang sanay na pangangalaga mula sa Mga Pasilidad ng Pangangalaga (Nursing Facilities, NF).</p>
Makukuha mo pa rin ba ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa Health Net Cal MediConnect na nakukuha mo sa kasalukuyan?	<p>Direkta mong makukuha ang karamihan sa iyong mga sinasaklaw na benepisyo sa Medicare at Medi-Cal sa Health Net Cal MediConnect. Makikipagtulungan ka sa isang pangkat ng mga provider na tutulong sa iyong tukuyin kung anong mga serbisyo ang pinakamakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Ibig sabihin, maaaring magbago ang ilan sa mga serbisyong nakukuha mo sa ngayon. Kapag nagpatala ka sa Health Net Cal MediConnect, magtutulong kayo ng iyong pangkat sa pangangalaga na gumawa ng isang Indibidwal na Plano sa Pangangalaga upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na nagpapakita sa mga personal mong kagustuhan at layunin.</p> <p>Bukod pa rito, kung umiinom ka ng anumang Medicare Part D na inireresetang gamot na hindi karaniwang sinasaklaw ng Health Net Cal MediConnect, maaari kang kumuha ng pansamantalang supply, at tutulong ka naming lumipat sa ibang gamot o humingi ng pagbubukod upang saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang iyong gamot kung kinakailangan ito sa panggagamot.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)	Mga Sagot
<p>Maaari ka pa rin bang magpatingin sa iyong mga doktor sa ngayon?</p>	<p>Kadalasan, maaari mo iyong gawin. Kung nakikipagtulungan ang iyong mga provider (kasama ang mga doktor at parmasya) sa Health Net Cal MediConnect at may kontrata ang mga ito sa kanila, maaari kang patuloy na magpatingin sa mga ito. “Nasa network” ang mga provider na may kasunduan sa amin. Dapat mong gamitin ang mga provider na nasa network ng Health Net Cal MediConnect. Kung kailangan mo ng pangangalagang kinakailangan kaagad o pang-emergency, o mga serbisyo sa dialysis na wala sa pinagseserbisyuhang lugar, maaari kang gumamit ng mga provider na wala sa plano ng Health Net Cal MediConnect. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapatingin sa mga provider na wala sa network ng Health Net Cal MediConnect, mangyaring tumawag sa Member Services o basahin ang <i>Handbook ng Miyembro</i> ng Health Net Cal MediConnect.</p> <p>Upang malaman kung nasa network ba ng plano ang iyong mga doktor, tumawag sa Member Services o basahin ang <i>Direktoryo ng Provider at Parmasya</i> ng Health Net Cal MediConnect.</p> <p>Kung bago lang ang Health Net Cal MediConnect para sa iyo, makikipagtulungan kami sa iyo na gumawa ng Indibidwal na Plano sa Pangangalaga upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong mga doktor sa kasalukuyan sa loob ng hanggang 12 buwan kung magbibigay sila ng mga serbisyong sasaklawin ng Medicare at Medi-Cal, at kung matugunan ang ilang partikular na kundisyon. Pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes at sabihan silang gusto mong humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga.</p>
<p>Anong mangyayari kung kailangan mo ang isang serbisyo ngunit walang makakapagbigay nito sa network ng Health Net Cal MediConnect?</p>	<p>Ibibigay ng mga provider sa aming network ang karamihan ng mga serbisyo. Kung kailangan mo ng isang serbisyo na hindi maibibigay sa aming network, babayaran ng Health Net Cal MediConnect ang gastusin para sa isang provider na wala sa network.</p>
<p>Saan available ang Health Net Cal MediConnect?</p>	<p>Kasama sa pinagseserbisyuhang lugar ng planong ito ang: Los Angeles County, CA (hindi kasama ang sumusunod na ZIP code: 90704). Nakatira ka dapat sa lugar na ito upang makasali ka sa plano.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)	Mga Sagot
Nagbabayad ka ba ng buwanang halaga (tinatawag ding premium) sa Health Net Cal MediConnect?	Wala kang babayarang anumang premium sa Health Net Cal MediConnect para sa iyong saklaw sa kalusugan.
Ano ang paunang pahintulot?	<p>Kapag sinabing paunang pahintulot, ibig sabihin, kailangan mo munang makuha ang pag-apruba ng Health Net Cal MediConnect bago ka kumuha ng isang partikular na serbisyo o gamot, o magpatingin sa isang provider na wala sa network. Maaaring hindi saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo o gamot kung hindi ka makakakuha ng pag-apruba.</p> <p>Kung kailangan mo ng pangangalagang kinakailangan kaagad o pang-emergency, o mga serbisyo sa dialysis na wala sa pinagseserbisyuhang lugar, hindi mo kailangang kumuha muna ng pag-apruba. Maaari kang bigyan ng Health Net Cal MediConnect ng isang listahan ng mga serbisyo o pamamaraan kung saan kailangan mo munang kumuha ng paunang pahintulot mula sa Health Net Cal MediConnect upang ibigay ang serbisyo.</p>
Ano ang rekomendasyon?	Kapag sinabing rekomendasyon, ibig sabihin, kailangan mo munang makuha ang pag-apruba ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga upang makapagpatingin ka sa isang taong hindi mo provider ng pangunahing pangangalaga. Kung hindi ka makakakuha ng pag-apruba, hindi sasaklawin ng Health Net Cal MediConnect ang mga serbisyo. May ilang partikular na espesyalista na hindi nangangailangan ng rekomendasyon, gaya ng mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pangangailangan ng rekomendasyon, tingnan ang <i>Handbook ng Miyembro</i> .
Ano ang Karagdagang Tulong?	Ang Karagdagang Tulong ay isang programa ng Medicare na nakakatulong sa pagpapababa ng mga gastusin ng programa sa inireresetang gamot gaya ng mga copay. Kasama na sa mga copay ng iyong inireresetang gamot sa Health Net Cal MediConnect ang halaga ng Karagdagang Tulong kung saan ka kwalipikado. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Social Security sa iyong lokal, o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-325-0778.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)	Mga Sagot
<p>Sino ang dapat mong lapitan kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tulong?</p>	<p>Kung mayroon kang mga pangkalahatang tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, pinagseserbisyuhang lugar, pagsingil, o ID card ng Miyembro, mangyaring tumawag sa Member Services ng Health Net Cal MediConnect.</p> <p>Tumawag sa: 1-855-464-3571</p> <p>Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mayroong taong nasa linya upang makipag-usap sa iyo mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo.</p> <p>Ang Member Services ay mayroon ding mga libheng serbisyo sa pagsasalin ng wika para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.</p> <p>TTY: 711</p> <p>Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangan mo ng espesyal na kagamitan sa telepono upang makatawag dito.</p> <p>Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mayroong taong nasa linya upang makipag-usap sa iyo mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo.</p> <p>Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan, mangyaring tumawag sa Linya para sa Payo ng Nurse.</p> <p>Tumawag sa: 1-855-464-3571</p> <p>Libre ang mga tawag sa numerong ito. May mga nagsanay na clinician na makakapagturo at makakapagbigay ng payo ng nurse nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)	Mga Sagot
<p>Sino ang dapat mong lapitan kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tulong? (katuloy)</p>	<p>TTY: 711 Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangan mo ng espesyal na kagamitan sa telepono upang makatawag dito. Libre ang mga tawag sa numerong ito. May mga nagsanay na clinician na makakapagturo at makakapagbigay ng payo ng nurse nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p> <p>Kung kailangan mo ng mga agarang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na apektado ng pag-uugali, mangyaring tumawag sa Linya para sa Mga Problema sa Kalusugan ng Pag-iisip na Apektado ng Pag-uugali.</p> <p>Tumawag sa: 1-855-464-3571 Libre ang mga tawag sa numerong ito. May mga makakausap na lisensyadong behavioral health clinician nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p> <p>TTY: 711 Ang numerong ito ay para sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita. Kailangan mo ng espesyal na kagamitan sa telepono upang makatawag dito. Libre ang mga tawag sa numerong ito. May mga makakausap na lisensyadong behavioral health clinician nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Ang sumusunod na chart ay isang mabilisang pangkalahatang-ideya ng mga serbisyong maaari mong kailanganin, iyong mga gastusin at panuntunan tungkol sa mga benepisyo.

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Gusto mong magpatingin sa isang doktor	Mga pagpapatingin upang gamutin ang isang pinsala o karamdaman	\$0	Kung kailangan mo ng pangangalagang kinakailangan kaagad o pang-emergency, o mga serbisyo sa dialysis na wala sa pinagseserbisyuhang lugar, hindi mo kailangang kumuha muna ng pag-apruba. Para sa mga regular na pagpapatingin, may mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot. Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network.
	Mga pagpapatingin habang walang sakit, gaya ng pagsusuri sa katawan	\$0	Taunang Pagpapatingin Habang Walang Sakit kada 12 buwan.
	Transportasyon sa tanggapan ng doktor	\$0	Hindi Medikal na Transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT) – Walang limitasyong balikang biyahe sa mga lokasyong inaprubahan ng plano sakay ng pampasaherong sasakyan, taxi, o iba pang uri ng pampubliko/pribadong transportasyon kada taon. May mga nailalapat na kinakailangan sa rekomendasyon. Medikal na Transportasyong Hindi Pang-emergency (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT) – Kinakailangan upang makakuha ng mga sinasaklaw na medikal na serbisyo, at humahadlang ang iyong medikal na kundisyon sa pagbiyahe mo sakay ng bus, pampasaherong sasakyan, taxi, o iba pang uri ng pampubliko o pribadong transportasyon. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Gusto mong magpatingin sa isang doktor (katuloy)	Pangangalaga ng espesyalista	\$0	Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network. May mga nailalapat na panuntunan sa paunang pahintulot. Kinakailangan ng rekomendasyon para sa mga espesyalistang nasa network (para sa ilang partikular na benepisyo).
	Pangangalaga upang hindi ka magkasakit, gaya ng mga bakuna para sa trangkaso	\$0	Hindi kinakailangan ng rekomendasyon at paunang pahintulot sa mga bakuna para sa trangkaso o pneumonia. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot para sa iba pang serbisyo.
	“Welcome sa Medicare” na pagpapatinging pang-iwas sa sakit (isang beses lang)	\$0	Sa unang 12 buwan ng iyong panibagong saklaw sa Part B, maaari kang kumuha ng isang Welcome sa Medicare na Pagpapatinging Pang-iwas sa Sakit o isang Taunang Pagpapatingin Habang Walang Sakit. Pagkatapos ng iyong unang 12 buwan, maaari kang kumuha ng isang Taunang Pagpapatingin Habang Walang Sakit kada 12 buwan.
Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri	Mga pagsusuri sa laboratoryo, gaya ng pagsusuri sa dugo	\$0	May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.
	Mga X-ray o iba pang larawan, gaya ng mga CAT scan	\$0	May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.
	Mga screening, gaya ng pagsusuri para sa cancer	\$0	Depende sa serbisyo, may mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan mo ng mga gamot upang magamot ang iyong karamdaman o kundisyon</p>	<p>Mga generic na gamot (walang brand)</p>	<p>\$0 hanggang \$3.35 na copay para sa isang 30 araw na supply.</p> <p>Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga inireresetang gamot batay sa antas ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo.</p> <p>Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang detalye.</p>	<p>Maaaring may mga maging limitasyon ang mga uri ng mga sinasaklaw na gamot. Pakitingnan ang <i>Listahan ng Mga Sinasaklaw na Gamot</i> (Listahan ng Gamot) ng Health Net Cal MediConnect para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Maaari mong kunin ang iyong mga gamot sa mga retail at mail order na parmasyang nasa network.</p> <p>Kung nakatira ka sa isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, kapareho lang ng ibinabayad mo sa isang retail na parmasya ang babayaran mo.</p> <p>Sa ilang pagkakataon, sasaklawin namin ang mga resetang kinukuha sa mga parmasyang wala sa network. Kung pupunta ka sa isang parmasyang wala sa network, kakailanganin mong bayaran ang kabuuang gastusin sa iyong mga reseta. Maaari kang magpadala sa amin ng kopya ng iyong resibo at humiling sa aming bayaran ang aming bahagi sa gastusin. Pakitingnan ang <i>Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro</i> upang matuto pa tungkol sa mga parmasyang wala sa network.</p> <p>Para sa ilang gamot, maaari kang kumuha ng isang pangmatagalang supply (tinatawag ding “pinatagal na supply”) kapag kumuha ka ng iyong reseta. Tumatagal ang isang pangmatagalang supply ng hanggang 90 araw. Kapresyo lang ito ng isang buwang supply.</p> <p>Catastrophic Coverage Kapag umabot na ang iyong mga taunang gastusin mula sa sariling bulsa sa \$5,000, magbabayad ka ng \$0 para sa mga gamot sa formulary ng iyong plano.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan mo ng mga gamot upang magamot ang iyong karamdaman o kundisyon (katuloy)</p>	<p>Mga branded na gamot</p>	<p>\$0 hanggang \$8.35 na copay para sa isang 30 araw na supply.</p> <p>Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga inireresetang gamot batay sa antas ng Karagdagang Tulong na natatanggap mo.</p> <p>Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang detalye.</p>	<p>Maaaring may mga maging limitasyon ang mga uri ng mga sinasaklaw na gamot. Pakitingnan ang <i>Listahan ng Mga Sinasaklaw na Gamot</i> (Listahan ng Gamot) ng Health Net Cal MediConnect para sa higit pang impormasyon.</p> <p>Maaari mong kunin ang iyong mga gamot sa mga retail at mail order na parmasyang nasa network.</p> <p>Kung nakatira ka sa isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, kapareho lang ng ibinabayad mo sa isang retail na parmasya ang babayaran mo.</p> <p>Sa ilang pagkakataon, sasaklawin namin ang mga resetang kinukuha sa mga parmasyang wala sa network. Kung pupunta ka sa isang parmasyang wala sa network, kakailanganin mong bayaran ang kabuuang gastusin sa iyong mga reseta. Maaari kang magpadala sa amin ng kopya ng iyong resibo at humiling sa aming bayaran ang aming bahagi sa gastusin. Pakitingnan ang <i>Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro</i> upang matuto pa tungkol sa mga parmasyang wala sa network.</p> <p>Para sa ilang gamot, maaari kang kumuha ng isang pangmatagalang supply (tinatawag ding “pinatagal na supply”) kapag kumuha ka ng iyong reseta. Tumatagal ang isang pangmatagalang supply ng hanggang 90 araw. Kapresyo lang ito ng isang buwang supply.</p> <p>Catastrophic Coverage Kapag umabot na ang iyong mga taunang gastusin mula sa sariling bulsa sa \$5,000, magbabayad ka ng \$0 para sa mga gamot sa Listahan ng Gamot ng iyong plano.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot upang magamot ang iyong karamdaman o kundisyon (katuloy)	Mga over-the-counter na gamot	\$0	Maaaring may mga maging limitasyon ang mga uri ng mga sinasaklaw na gamot. Pakitingnan ang <i>Listahan ng Mga Sinasaklaw na Gamot</i> (Listahan ng Gamot) ng Health Net Cal MediConnect para sa higit pang impormasyon.
	Mga Medicare Part B na inireresetang gamot	\$0	Kasama sa mga Part B na gamot ang mga gamot na ibinibigay ng iyong doktor sa kanyang tanggapan, ilang iniinom na gamot para sa cancer, at ilang gamot na ginagamit sa pamamagitan ng ilang partikular na kagamitang medikal. Basahin ang <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa higit pang impormasyon tungkol sa gamot na ito. May mga nailalapat na panuntunan sa paunang pahintulot.
Kailangan mo ng therapy pagkatapos mong ma-stroke o maaksidente	Occupational, physical, o speech therapy	\$0	Sinasaklaw ang mga serbisyo sa physical therapy, occupational therapy, at speech and language pathology na kinakailangan sa panggagamot. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.
Kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency	Mga serbisyo sa emergency room	\$0	Maaari kang makakuha ng sinasaklaw na medikal na pangangalagang pang-emergency kahit kailan, saanman sa Estados Unidos o mga teritoryo nito. Hindi kinakailangan ng paunang pahintulot. Sasaklawin ka para sa mga internasyonal na serbisyong pang-emergency/serbisyo sa agarang pangangalaga na matatanggap mo sa labas ng Estados Unidos. Limitado sa \$50,000 ang saklaw para sa internasyonal na serbisyong pang-emergency/serbisyo sa agarang pangangalaga kada taon.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency (katuloy)	Mga serbisyo ng ambulansya	\$0	Hindi kailangan ng paunang pahintulot para sa mga serbisyo ng ambulansya na pang-emergency sa loob at labas ng network. Para sa mga serbisyo ng ambulansya na hindi pang-emergency, may mga nailalapat na panuntunan sa paunang pahintulot.
	Agarang pangangalaga	\$0	Maaari kang makakuha ng sinasaklaw na agarang pangangalaga kahit kailan, saanman sa Estados Unidos o mga teritoryo nito. Tingnan din ang “Mga serbisyo sa emergency room” sa itaas para sa internasyonal na serbisyong pang-emergency/serbisyo sa agarang pangangalaga. Hindi kinakailangan ng paunang pahintulot.
Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital	Pananatili sa ospital	\$0	Walang limitasyon ang bilang ng mga sinasaklaw na araw ng plano para sa bawat pananatili sa ospital na kinakailangan sa panggagamot. Maliban sa isang emergency, dapat ipaalam ng iyong doktor sa plano na ia-admit ka sa ospital. Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na nasa network. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot para sa mga pananatili sa ospital na hindi pang-emergency.
	Pangangalaga ng doktor o surgeon	\$0	Nagbibigay ng pangangalaga ng doktor at surgeon bilang bahagi ng iyong pananatili sa ospital.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng tulong sa pagpapagaling o mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan	Mga serbisyo sa rehabilitasyon	\$0	<p>Mga Outpatient na Serbisyo sa Rehabilitasyon Sinasklaw ang mga serbisyo sa physical therapy, occupational therapy, at speech and language pathology na kinakailangan sa panggagamot.</p> <p>May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.</p> <p>Mga Serbisyo sa Rehabilitasyon ng Puso at Baga May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.</p>
	Kagamitang medikal para sa pangangalaga sa tahanan	\$0	May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.
	Pasilidad ng sanay na pangangalaga	\$0	<p>Pasilidad ng Sanay na Pangangalaga (Skilled Nursing Facility, SNF) Walang limitasyon ang bilang ng mga sinasklaw na araw ng plano sa bawat pananatili sa SNF.</p> <p>Hindi kinakailangan ng paunang pananatili sa ospital. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.</p> <p>Pangangalagang Pangkalusugan sa Bahay Kasama ang hindi tuluy-tuloy na sanay na pangangalaga, mga serbisyo ng tulong pangkalusugan sa bahay, at serbisyo sa rehabilitasyon na kinakailangan sa panggagamot.</p> <p>May mga nailalapat na panuntunan sa paunang pahintulot.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.healthnet.com/calmediconnect.

Health Net Cal MediConnect: Buod ng Mga Benepisyo

Pangangailangan o problemang pangkalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Iyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Impormasyon tungkol sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata	Mga eksaminasyon sa mata	\$0	Mga eksaminasyon sa paningin na kinakailangan sa panggagamot para sa diagnosis at panggagamot ng mga sakit at kundisyon sa mata, kasama ang taunang screening para sa glaucoma sa mga taong malaki ang tsansang magkaroon nito. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon. Hanggang sa 1 karagdagang regular na eksaminasyon sa mata kada taon.
	Mga salamin sa mata o contact lens	\$0	Isang pares ng mga salamin sa mata (mga lens at frame) o contact lens matapos ang operasyon para sa katarata. Limitado sa \$250 ang saklaw ng plano para sa mga karagdagang isinusuot sa mata kabilang ang mga salamin sa mata (mga lens at frame) o contact lens bawat dalawang taon.
Kailangan mo ng mga serbisyo sa pandinig o tainga	Mga screening para sa pandinig	\$0	May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon at paunang pahintulot.
	Mga hearing aid	\$0	Limitado sa mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal. Limitado ang benepisyo sa hearing aid sa \$1,510 kada piskal na taon. Hindi nalalapat ang limitasyon sa mga benepisyaryong buntis o residente ng pasilidad ng pangangalaga. May mga nailalapat na panuntunan sa rekomendasyon.



